# Modyul 7
# Kapaligiran at Kaunlaran
# Pahayag/ Pangungusap na
# Nagpapakilala ng Pahiwatig



## Tungkol saan ang modyul na ito?

Marami-rami na rin ang mga araling ating natalakay nang mga nagdaang araw at sa pagkakataong ito ay matutunghayan mo sa pamamagitan ng modyul na ito ang apat na araling aking pinagsumikapang ihanda na makatutulong na malinang pa ang mga kasanayang dapat mong matutunan.

Kaugnay ng araling matutunghayan mo sa modyul na ito ang awiting may kinalaman sa ating kapaligiran. Narito at basahin mo ang mga sumusunod na linya ng awitin…

*Wala ka bang napapansin?*
*Sa iyong mga* ***kapaligiran?***
*Kay dumi na ng hangin*
*Pati na ang mga ilog natin*

*Hindi na masama ang* ***pag-unlad***
*At malayu-layo na rin ang ating narating*
*Ngunit masdan mo ang tubig sa dagat*
*Dati'y kulay asul ngayo'y naging itim…*

Nakuha mo ba ang mensaheng nakapalaoob sa mga linya ng awitin? Totoo at kapansin-pansin namang halos lahat ng bansa sa mundo ay nakatuon sa pagpapaunlad ng mga lugar na nasasakupan subalit kapuna-puna rin namang kapalit ng tinatamasang kaunlaran ay ang pagdumi at pagkasira ng mga kalikasang ipinagkaloob ng Maykapal. Nariyang gawing kapatagan ang ilang kabundukan; tambakan ng lupa ang karagatan at tayuan ng mga gusali at tirahan; patayin at putulin ang mga naglalakihang puno sa kagubatan at kabundukan na kadalasang nagiging sanhi ng pagbaha at pagguho ng lupa. Lahat ng ito'y nagdulot at magdudulot pa ng mga negatibo at positibong epekto sa kapaligiran at kaunlaran ng mga bansang nakapaloob sa ating mundo gayundin sa lahat ng tao at nilalang na naninirahan dito.


Ang mga paliwanag na kababasa mo lamang tungkol sa paksa – Kapaligiran at Kaunlaran, ay ilan lamang sa matutunghayan mong nakapalaoob sa mga gawain sa modyul na ito na makatutulong na mapaunlad pa ang iyong kasanayan sa pagsasalita, pagbasa at pagsulat.



## *Ano ang matututunan mo?*

Inaasahang matatamo mo ang sumusunod na kasanayan sa pag-aaral ng modyul na ito:

1. Natutukoy ang mga pahayag/ pangungusap na nagpapakilala ng pahiwatig
2. Natutukoy ang magkasingkahulugang salita
3. Natutukoy ang uri at tono ng teksto bilang katangian nito
4. Nakabubuo ng isang mabisa at maayos na tekstong ekspositori – eksplikeysyon



## *Paano mo gagamitin ang modyul na ito?*

Malaki ang maitutulong sa iyo ng modyul na ito sapagkat gagabayan ka nito tungo sa iyong pagkatuto, nakalahad dito ang mga tuntunin upang maging maayos at makabuluhan ang iyong pagbabasa.

1. Una sa lahat, ingatan mo ang modyul na ito. Huwag mo itong dudumihan o susulatan.Gumagamit ka ng hiwalay na sagutan/sulatang papel para sa pagsagot sa mga pagsusulit.

2. Sagutin mo at huwag lalaktawan ang Panimulang Pagsusulit o ang bahaging "Ano na ba ang alam mo?" Ito ang panimulang hakbang upang masukat at matiyak ang dati mo nang kaalaman sa paksang tatalakayin sa modyul na ito.

3. Kunin mo sa iyong guro ang Susi sa Pagwawasto. Iwasto mo ang iyong sagot maging matapat ka lamang sa pagwawasto. Huwag kang mag-alala kung mababa ang markang nakuha mo, may inihanda akong mga gawain at iba pang pagsasanay na tiyak na makakatulong sa iyo.

4. Basahin at unawain mong mabuti ang mga teksto bago mo sagutin ang mga gawaing kaugnay nito Unawain mo ring mabuti ang mga panuto dahil malaki ang maitutulong nito upang maging madali sa iyo ang pagsagot sa mga gawain.

5. Sagutin mo agad ang Pangwakas na Pagsusulit o ang bahaging "Gaano ka na kahusay ?" upang matiyak mo kung natutunan mo ang aralin, kunin mong muli ang Susi sa Pagwasto sa iyong guro.

6. Bigyang-halaga mo sana ang modyul na ito, sikapin mong sagutin ang mga gawaing inihanda ko katulad ng pagsisikap kong matulungan kang matuto.

Sige, maari ka nang magsimula.



## *Ano na ba ang alam mo?*

A. Panuto: Basahin at suriin ang sumusunod na pangungusap. Lagyan ng / (tsek) ang mga bilang na nagpapakilala ng pahiwatig at x (ekis) ang hindi.

1. Nakabibingi ang katahimikan sa kagubatan.
2. Napakasayang pagmasdan ang karagatan ng namumulang ginto.
3. Malamig ang simoy ng hanging habagat.
4. Perpekto ang taluktok ng bulkang Mayon.
5. Nakalimutan na ang ulilang landas na tinutubuan na ng mahahabang damo.

B. Panuto: Hanapin sa loob ng pangungusap ang dalawang salitang ginagamit na magkasingkahulugan.

1. Kaaya-ayang pagmasdan ang isang magandang kapaligiran.

2. Kinagigiliwan ng mga turista ang magagandang tanawin sa Pilipinas kung kaya't lalo pa itong pinagtutuunan ng pansin na matapos upang dayuhin ng mas marami pang banyaga.

3. Pulutin na ang anumang kalat na makikita upang mapanatiling malinis ang kapaligiran at huwag hayaang damputin pa ito ng iba.

4. Sa kasalukuyan, isa sa problema ng ating pamahalaan ang suliranin sa pagdumi ng kapaligiran.

5. Laganap na sa kasalukuyan ang polusyon at nawa'y masolusyunan na sa lalong madaling panahon ang patuloy na pagdumi ng kapaligiran.

C. Panuto: Basahin at unawain ang teksto at pagkatapos ay piliin ang letra ng pinakaangkop na sagot sa bawat katanungan.

REFORESTEYSYON

(1) Ang mabilis na pagkawala at pagkapinsala ng ating mga kagubatan ay lubhang nakababahala sa ating gobyerno. (2) Iba't ibang argumentasyon ang naganap sa pag-uusap hinggil dito. (3) Mga problemang nais hanapan ng solusyon. (4) Sa katunayan, ang kakulangan sa tubig at kuryente na ating dinaranas sa kasalukuyan ay epekto ng pagkapinsala sa ating mga kagubatan. (5) Ang malalakas na bagyong dumarating sa ating bansa taun-taon ay nakapipinsala hindi lamang sa ating mga bukid kundi kumikitil din ng buhay ng maraming individwal. (6) Nakalulungkot na pangyayari para sa ating bayan at nakapanghihinayang na likas na yaman. (7) Dahil sa malubhang kalagayan ng

ating bansa, kumilos ang ating gobyerno at inilunsad sa Department ng Environment at Natural Resources ang REFORESTEYSYON.

(8) Ang reforesteysyon ay isang projek ng gobyerno upang mapalitan ang mga pinutol na punongkahoy sa ating mga kagubatan.

1. Ang damdaming nangingibabaw sa binasang teksto ay:
   a. saya c. galit
   b. poot d. lungkot

2. Ang kilos ng binasang teksto ay:
   a. pataas at pababa c. mabilis at pataas
   b. pababa at mabilis d. mabagal at pababa

3. Ang pangungusap blg. 4 ay nagpapahayag ng:
   a. pagkainis c. pagsusumamo
   b. pagkalungkot d. pagwawalang-bahala

4. Alin sa sumusunod na pangungusap ang nagpapaliwanag ng terminolohiya?
   a. 1 c. 7
   b. 5 d. 8

5. Ang kabuuan ng teksto ay nagbibigay ng:
   a. pahiwatig c. paglalagom
   b. impormasyon d. pangangatwiran

D. Panuto: Isaayos ang mga pangungusap upang makabuo ng isang mabisang talata. Isulat sa sagutang-papel ang nabuong talata.

- Mayroong anyong lupa at tubig na kapwa na nakatutugon sa pang-araw-araw na pangangailangan ng lahat ng uri ng nilalang.

- Subalit nakalulungkot isipin na sa kasalukuya'y marumi na at napapabayaan ang mga ilog at karagatan na siyang tirahan ng mga lamang-dagat at maging ang mga tigang na lupa na halos di na mapakinabangang pagtaniman.

- Napakapalad ng mga tao sa Pilipinas sa pagkakaloob ng Maykapal ng iba't ibang uri ng kalikasan.

- Kapaki-pakinabang ang mga isda at iba pang lamang-dagat. Ganun din ang mga prutas at mga bungangkahoy na mula sa mga pananim na halaman.

- Nawa'y mapag-ukulan ng ibayong pansin ng pamahalaan ang mga bagay na ukol dito nang sa gayo'y makatulong sa pang-araw-araw na pamumuhay ang mga produktong makukuha mula sa ating kalikasan.

Tingnan mo kung wastong lahat ang iyong mga kasagutan. Kunin mo ang Susi sa Pagwawasto na nasa iyong guro.

Huwag kang mag-alala kung mababa ang markang iyong nakuha. Tutulungan ka ng modyul na ito sa lubusang pagkatuto sa mga araling dapat mong matutunan.

Sige simulan mo na…

## *Mga gawain sa pagkatuto*

### Sub Aralin 1

Pahayag/ Pangungusap na Nagpapakilala ng Pahiwatig


**Layunin**

Natutukoy ang mga pahayag/ pangungusap na nagpapakilala ng pahiwatig

**Alamin**

Suriin mo ang sumusunod na larawan. Masasabi mo kaya kung ano ang nais ipahiwatig ng bawat isa?











Nasuri mo bang mabuti ang mga larawan at natukoy mo rin ba ang nais ipahiwatig ng mga ito?

Narito ang mga kasagutan. Tingnan mo kung naging magaling ka sa isinagawa mong pagsusuri.

- Kamao - nagpapahiwatig ng paghahamon ng away o duelo
- Araw - nagpapahiwatig ng pagkakaroon ng panibagong pag-asa sa kinabukasan o mga araw pang darating
- Korona - nagpapahiwatig ng kapangyarihan o pagiging pinuno
- Puso - nagpapahiwatig ng pag-ibig o pagmamahal sa kapwa, bagay at sa Maykapal
- Kalapati - nagpapahiwatig ng kalayaan o pagiging malaya ng isang tao o bansa

Ganito rin ba ang iyong mga naging kasagutan?

Tama ka at magaling kung nakuha mo at natukoy lahat ng nais na ipahiwatig ng bawat larawan.

**Linangin**

Alam mo bang hindi lamang mga larawan ang maaaring magpakilala o magbigay ng pahiwatig? Bukod sa larawan, nagbibigay-pahiwatig din ang sumusunod:

- *Kulay*

Kadalasa'y nabibigyang-kahulugan natin ang nararamdaman o nais ipahiwatig ng isang tao sa pamamagitan ng kulay ng damit o anumang bagay na nais niyang bigyang-pansin ng taong makakikita nito.

Narito ang halimbawa ng kulay na may taglay napahiwatig

*Pula*

Maaari itong magpahiwatig ng pag-ibig; kasiyahan at kasawian ngunit kung minsa'y nagpapahiwatig naman ito ng galit.

Sa paaralan, kapag ginagamit ang pulang tinta sa pagmamarka, nangangahulugan ito ng bagsak o lagpak na marka.

Sa bandila ng Pilipinas, kapag nakabaligtad ang ayos nito at nasa itaas ang kulay pula, ito'y nagpapahiwatig ng pagkakaroon ng digmaan.

*Puti*

Ipinahihiwatig naman ng kulay na ito ang kadalisayan o kalinisan. Ito marahil ang dahilan kung bakit ang mga babaeng ikinakasal ay nakasuot ng puti at maging mga larawan ng anghel na ating nakikita ay nakasuot ng kulay puti.

*Itim*

Ayon naman sa iba, ang kulay na ito'y nagpapahiwatig ng kasamaan, kamalasan at kapighatian.

*Dilaw*

Nang kapanahunan ng Edsa Revolution, ang pagsusuot ng dilaw ay nagpapahiwatig ng laban o pagkakaisa kay Ninoy Aquino sa laban niya sa pamamalakad ng pamahalaan ng Pangulong Marcos.

- *Kilos o galaw*

Kapuna-puna na ang mga ikinikilos o nagiging galaw ng ating katawan ay naglalaman din ng mga pahiwatig, kahit hindi nagsasalita ang isang tao, mahihiwatigan ng kaharap niya kung ano ang damdaming nangingibabaw sa kanya sa pamamagitan ng kilos o galaw ng kanyang katawan at ekspresyon ng kanyang mukha.

Tunghayan ang ilang halimbawa:

*Pag-irap*

Nangangahulugan ito ng pagkainis o galit.

*Pagngiti ng sarkastiko o ngiting-aso*

Nangangahulugan ito ng pang-iinsulto.

*Pagdadabog*

Ipinahihiwatig nito ang pagkainis, galit o di pag-sang-ayon sa salita o narinig.

*Pagkindat*

Maaaring nagpapahiwatig ito ng pagkakasundo ng dalawang taong may nais na itagong lihim.

Ipinahihiwatig din nito ang pagpaparamdam ng binata o dalaga na siya'y may lihim na pagtingin sa taong kinindatan.

*Pagtapik sa balikat*

Ginagamit ng iba ang kilos na ito upang ipahiwatig sa kausap ang pagsang-ayon; pagpapakalma sa matinding emosyong nararamdaman o kung minsan nama'y nagpapahiwatig din ng pamamaalam o pagmamalasakit.

- *Pahayag o Pangungusap*

Araw-araw ay nakakaharap at nakakahalubilo natin ang iba't ibang uri ng tao at hindi maaaring lumipas ang maghapon na hindi tayo nakapagbibitaw ng mga salita, pahayag o pangungusap sa mga taong ating nakakasalamuha. Sa ganitong mga pagkakataon, hindi rin natin namamalayang nakagagamit o nakapagbibitaw tayo ng mga pahiwatig na salita o pahayag sa ating mga nakakausap.

Ano nga ba ang tinatawag na pangungusap na nagpapahiwatig?

> Ang pangungusap na nagpapahiwatig ay mga pangungusap na may natatagong kahulugan na hindi direktang ipinahayag. Ito ay mga pasaring na pangungusap na may mga natatagong kahulugan o ibig sabihin.

Basahin mo ang ilang halimbawa ng pahiwatig na pangungusap o pahayag.

*Lumuluha ang panahon*
Ang pahiwatig na ito ay nangangahulugan na hindi masaya o maganda ang panahon dahil sa pagbuhos ng ulan.

*Nalalaglag ang dahon sa kanyang kapanahunan*
Ibig nitong ipakahulugan na walang permanente sa ating buhay. Kung sakaling nakararanas ng kaginhawahan sa kasalukuyan, maaaring sa susunod na mga araw ay makararanas naman ng kagipitan. Hindi habang panahon ay nasa rurok ng tagumpay.

*Ang pag-iwas sa punglo ay di karuwagan*
Nais ipakahulugan ng pahiwatig na ito na ang pag-iwas sa anumang away, gulo o kapahamakan ay hindi nangangahulugan ng pagiging duwag ng isang tao.

Naging malinaw ba sa iyong pang-unawa ang mga paliwanag at halimbawang nabasa tungkol sa mga pahiwatig na larawan, kilos at pahayag?

Magaling kung gayon!

Subukan mo naman ngayong sagutin ang mga kaugnay na gawain tungkol dito.

Maaari mo nang simulan.

**Gamitin**

A. Panuto: Basahin ang sumusunod na pangungusap at pagkatapos ay bilugan ang bilang ng limang pangungusap na nagpapakilala ng pahiwatig

1. Kinabahan ang dalaga nang hindi na malaman ang daan palabas sa kagubatan.
2. Kumukulo ang dugo ng mga mamamayan sa tuwing tumataas ang presyo ng gasolina.
3. Nadurog ang puso ng ina sa nasaksihang pangyayari.
4. Lumilipas ang panahon ngunit wala pa ring pagbabagong nagaganap sa bayan.
5. Masama ang tama ng binata sa dalagang nakilala sa kantina.
6. Agad na nagdilim ang kanyang paningin sa balitang narinig.
7. Halos sumabog ang kanyang ulo sa tindi na sakit na nararamdaman.

B. Panuto: Basahin ang sumusunod na pahiwatig na pahayag at pagkatapos ay hanapin sa dakong ibaba ang nais na mensaheng iparating nito.

1. "Uulan, wala pa naman akong dalang payong."
2. "Walang kahangin-hangin…"
3. "Maganda pala ang boses mo, itago mo na lang."
4. "Isa siyang ahas."
5. "Kalamayin mo ang iyong kalooban."

| | |
|---|---|
| A. naiinis | E. magpakalma |
| B. naiinitan | F. mag-isip |
| C. nag-aalala | G. nang-iinsulto |
| D. nagagalit | H. pagkasuklam |

Kunin mo ngayon ang Susi sa Pagwawasto sa iyong guro at iwasto mo ang iyong mga kasagutan.

Tama bang lahat ang sagot mo?

Magaling kung tamang lahat ngunit huwag kang mag-alala kung may kaunting kamalian.

Basahin mo ang mga karagdagang paliwanag sa kasunod na bahagi ng modyul na iyong hawak sapagkat makatutulong pa ito sa iyong lubusang pagkaunawa sa aralin.

**Lagumin**

Narito ang ilang puntong dapat mong tandaan tungkol sa pahiwatig na pahayag o pangungusap.

- Ang pahiwatig ay pahayag o kilos na hindi hayagang ibinibigay ang kahulugan. Malalaman o matutukoy ang mensaheng nais iparating, sabihin o ipabatid ng isang tao ayon sa kanyang ikinikilos, ekspresyon ng mukha o paraan ng pagbibitiw ng mga salita;

- Gumagamit tayo ng mga berbal o di-berbal na pahiwatig upang hindi tayo makapanakit ng damdamin ng ating kapwa;

- Kailangang matuto rin tayong magsuri at bumasa ng mga kahulugan sa mga nag-uumpugang mga pahayag (reading between the lines).
- Maaaring gumamit ng mga pahiwatig na salita, pahayag o pangungusap sa pasulat at pasalitang komunikasyon.

Nawa'y nakatulong sa iyong lubusang pagkaunawa ang mga paliwanag na katatapos mo lamang basahin.

Maaari mo na ngayong umpisahan ang pagsagot sa mga pagsubok na aking inihanda.

**Subukin**

Panuto: Basahin ang sumusunod na sitwasyon at pagkatapos ay hanapin sa loob nito ang pahayag na nagpapakilala ng pahiwatig. Isulat ang buong pahayag na pahiwatig sa sagutang papel.

1. Masayang nagtatawanan ang magkakaibigan habang nakikinig sa karanasang sinapit sa pamamasyal nang walang anu-ano'y natahimik ang lahat at tila may nagdaang anghel sa kanilang harapan.

2. Nakikinig ng balita sa radyo ang isang empleyado nang marinig niya ang kanyang pangalan na binanggit na nanalo sa Mega Lotto. Napatingin sa kanya ang iba pang kasamahang nakarinig din ng balita at kitang-kita nila ang pagtakas ng dugo sa kanyang mukha.

3. Walang iniwan sa putok ng bulkan ang pagkalat ng balita sa buong kabayanan tungkol sa empleyadong nanalo sa Mega Lotto.

4. Mabait at magalang na mag-aaral si Jei. Minsan habang naglalakad papunta sa silid-aralan ay narinig niyang pinag-uusapan siya at pinupuri ng mga nag-uusap kung kayat halos pumalakpak ang kanyang tainga sa mga narinig.

5. Matiyaga sa panunuyo si Ram sa nililigawang si Macy. Di naglaon ay nagpahayag na rin ng pag-ibig niya sa binata ang dalaga at magmula noon ay naging kulay rosas ang paligid nila.

Kunin mong muli ang Susi sa Pagwawasto sa iyong guro at iwasto ang iyong mga kasagutan.

Kumusta ang iyong iskor? Kung mahigit sa 4 ang nakuha mong marka ay maaari ka nang magsimula sa kasunod na aralin ngunit kung mababa sa 4, nangangailangang sagutin mo muna ang kasunod na gawain, ang bahaging "Paunlarin" kaugnay pa rin ito ng katatapos lang na gawain.

Sige, magpatuloy ka…

**Paunlarin**

Panuto: Piliin sa dakong ibaba ang letra ng pangungusap o pahayag na nagbibigay-kahulugan sa mga pahiwatig na pahayag na nakatala sa bawat sitwasyon sa katatapos lamang na gawaing sinagutan.

1. May nagdaang anghel
2. Pagtakas ng dugo sa kanyang mukha
3. Walang iniwan sa putok ng bulkan
4. Pumalakpak ang kanyang tainga
5. Kulay rosas na paligid

A. nagpantig ang tainga
B. napuno ng pag-ibig
C. naging mabait ang lahat
D. natahimik ang paligid
E. magaan ang pakiramdam
F. namutla
G. nawalan ng dugo
H. mabilis na kumalat
I. nagkaroon ng tsismis
J. nasiyahan sa narinig

Kunin mong muli ang Susi sa Pagwawasto sa iyong guro at iwasto mo ang iyong mga kasagutan.

Maaari ka na ngayong magsimula sa kasunod na aralin.

## Sub Aralin 2

### Pagtukoy sa Magsingkahulugang Salita

**Layunin**

Natutukoy ang magsingkahulugang salita


**Alamin**

Suriin mo ang tatlong larawan na nagtataglay ng higit sa isang katawagan. Naibigay ko na ang isang salitang maiuugnay sa bawat isa sa larawan, maibibigay mo kaya ang iba?

Subukin mong alamin sa tulong na rin ng mga clue.

d _ l _ g ←  → b _ _ _ b _ _ _

dalaga

_ _ l u _ _ _ ←  → m _ b _ l _ g

mataba

u _ _ _ n _ _ k ←  → y _ m _ y _ _ _ o g

sumasayaw

Naibigay mo ba ang iba pang salitang kaugnay sa larawan? Magaling kung gayon!

Tingnan mo kung ganito rin ang iyong naitalang mga salita.

- Unang larawan
  dalaga, dilag, binibini

- Ikalawang larawan
  mataba, malusog, mabilog

- Ikatlong larawan
  sumasayaw, umiindak, yumuyugyog

Suriin mo ngayon ang mga salitang iniugnay sa bawat larawan. Mayroon ka bang napansin?

Mababasa at matutunghayan mo sa kasunod na bahagi ng modyul na iyong hawak ang mga kaugnay na paliwanag.

**Linangin**

Marahil napansin mo at nasuring mabuti na ang mga salitang dalaga, dilag at binibini na iniugnay sa unang larawan; mataba, malusog at mabilog sa ikalawang larawan; sumasayaw, umiindak at yumuyugyog sa ikatlong larawan ay pawang nagtataglay ng iisang kahulugan.

Samakatuwid, mayroon tayong mga salita sa ating bokabularyo na iisa ang kahulugan ngunit maraming katawagan at iyon ay isang paraan ng pagpapalawak ng ating talasalitaan.

> Magsingkahulugan ang tawag sa mga salitang pareho ang taglay na kahulugan ngunit magkaiba sa bigkas at baybay.

Tatlo ang bahagi ng panalita na maaaring may singkahulugang salita. Narito at pag-aralan ang sumusunod:

- *Mga pangngalan*
  Ito ay mga salitang tumutukoy sa ngalan ng tao, bagay, pook o lugar at pangyayari.

  Halimbawa:
  - tao
    asawa - kabiyak
    anak - supling
    hikaw - aritis

  - pook/ lugar
    kalye - daan
    siyudad - lungsod
    bayan - baryo

  - bagay
    tasa - puswelo
    kalan - lutuan
    diksyunaryo - talatinigan

- *Mga pandiwa*
  Ito ay mga salita na nagsasaad ng kilos o galaw.

  Halimbawa:
  sumara - puminid
  lumagda - pumirma
  bumagsak - tumumba

- *Mga pang-uri*

  Ito ay mga salitang naglalarawan o nagbibigay-katangian sa pangngalan at panghalip.

  Halimbawa:

  | | | |
  |---|---|---|
  | marikit | - | maganda |
  | mabilis | - | matulin |
  | matamlay | - | malamya |

Naunawaan mo ba ang mga paliwanag na iyong binasa? Nawa'y nakatulong ito sa iyong pag-unawa.

Sagutin mo ngayon ang gawaing inihanda ko kaugnay nito.

**Gamitin**

Panuto: Basahin ang talata at pagkatapos ay hanapin sa loob ng *kahon ng mga letra* ang singkahulugan ng mga sinalungguhitang salita.

Ang Teknolohiya ay nakapagbibigay ng maraming kaginhawahan sa kapaligiran ngunit may (1) <u>maidudulot</u> din itong kapansanan o kapinsalaan sa mga tao. Isa na rito ang (2) <u>labis</u> na ingay na (3) <u>nakabibingi</u>.

Ayon sa pagsusuri, isa sa bawat 15 katao ang maaapektuhan ng pagkabingi. Masasabing ito ay (4) <u>bunga</u> ng labis na (5) <u>pagkarahuyo</u> sa mga tugtuging matindi ang ingay.

| | | | | | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|
| M | X | Q | P | S | T | U | V | W | X |
| P | A | G | K | A | H | I | L | I | G |
| G | F | I | E | D | C | B | A | Z | Y |
| H | I | L | B | J | K | L | M | N | O |
| W | V | U | U | I | T | S | R | Q | D |
| X | Y | T | Z | A | B | B | C | D | E |
| M | L | U | K | J | I | I | H | G | F |
| N | O | T | P | Q | R | S | G | T | U |
| R | Q | A | Z | S | O | B | R | A | V |
| O | T | K | E | P | E | X | X | W | Y |
| S | T | A | U | V | W | X | X | Y | Z |
| I | H | N | G | F | E | D | C | B | A |

Madali mo bang nasagutan ang gawain? Kunin mo sa iyong guro ang Susi sa Pagwawasto at iwasto mo ang iyong mga kasagutan.

Kumusta ang iyong iskor? Mataas man o mababa ay makatutulong pa rin ang pagbasa at pag-unawa sa kasunod na bahagi ng modyul na ito.

Sige, magpatuloy ka…

**Lagumin**

Balikan mong muli ang ilang mahalagang detalyeng dapat mong tandaan.

- Magsingkahulugan ang tawag sa mga salitang pareho ang taglay na kahulugan ngunit magkapareho lamang ang baybay at bigkas;

- Tatlo ang bahagi ng panalita na maaaring may singkahulugan – pangngalan, pandiwa at pang-uri;


- Maaaring gamitin ang pagsisingkahulugan ng mga salita kapag naglalarawan, nagsasaad ng kilos at tumutukoy sa pangngalan.

Ngayong natapos mo nang basahin ang mga karagdagang paliwanag, iyo ngayong sagutan ang mga gawaing kaugnay nito.

**Subukin**

Panuto: Basahin ang talata at pagkatapos ay ayusin ang ginulong mga letra sa loob ng kahon upang maibigay ang singkahulugan ng nasasalungguhitang salita.

Bawat tao sa mundong ating ginagalawan ay may bansang kinabibilangan. At bilang (1) <u>kabahagi</u> nito ay (2) <u>tungkulin</u> ng mga mamamayang nasasakupan nito na malaman at tumulong sa kalagayang pangkabuhayan at ang mga (3) <u>suliraning</u> kinahaharap nito nang sa gayon ay (4) <u>mabilis</u> na mabigyan ng (5) <u>solusyon</u> ang mga suliranin at hindi na lalong mahirapan ang mga tao.




Kunin mong muli ang Susi sa Pagwawasto sa iyong guro at iwasto ang iyong mga kasagutan.


Kumusta ang iyong iskor? Kung mahigit sa 4 ang nakuha mong marka ay maaari ka nang magsimula sa kasunod na aralin ngunit kung mababa sa 4, nangangailangang sagutin mo

muna ang kasunod na gawain, ang bahaging "Paunlarin". Kaugnay pa rin ito ng katatapos lang na gawain.

Sige, magpatuloy ka…

**Paunlarin**

Panuto: Punan ng angkop na letra ang loob ng mga kahong bakante upang mabuo at maibigay ang singkahulugan ng mga nakatalang salita sa bawat bilang.




| *Pahalang* | *Pababa* |
|---|---|
| 1. mabaho | 1. marikit |
| 2. mainam | 2. handog |
| 3. pag-unlad | 3. kumirot |
| 4. sumigaw | |

Kunin mong muli ang Susi sa Pagwawasto sa iyong guro at iwasto mo ang iyong kasagutan.

Maaari ka na ngayong magtungo at magsimula sa kasunod na aralin.

## Sub Aralin 3

Pagtukoy sa Uri at Tono ng Teksto
Pagbuo ng Tekstong Ekspositori (Eksplikeysyon)

**Layunin**

- Natutukoy ang uri at tono ng teksto bilang katangian nito
- Nakabubuo ng isang mabisa at maayos na tekstong ekspositori (eksplikeysyon)

**Alamin**

Mahilig ka bang umawit o makinig sa mga awitin?

Narito ang isang awitin at nais kong basahin mo at unawaing mabuti ang mga linya nito at pagkatapos ay kunin mo ang mensaheng nangingibabaw rito.

*Wala ka bang napapansin*
*Sa iyong mga kapaligiran*
*Kay dumi na ng hangin*
*Pati na ang mga ilog natin*

*Hindi na masama ang pag-unlad,*
*At malayu-layo na rin ang ating narating*
*Nguni't masdan mo ang tubig sa dagat*
*Dati'y kulay asul, ngayo'y naging itim*

*Ang mga duming ating ikinalat sa hangin,*
*Sa langit huwag na nating paabutin*
*Upang kung tayo'y pumanaw man,*
*Sariwang hangin, sa langit natin matitikman*

*Mayro'n lang akong hinihiling*
*Sa aking pagpanaw, sana ay tag-ulan*
*Gitara ko ay aking dadalhin*
*Upang sa ulap na lang tayo magkantahan*

*Ang mga batang ngayon lang isinilang*
*May hangin pa kayang matitikman?*
*May mga puno pa kaya silang aakyatin?*
*May mga ilog pa kayang lalanguyan?*

*Lahat ng bagay na narito sa lupa*
*Biyayang galing sa Diyos kahit noong ika'y wala pa*
*Ingatan natin at 'wag nang sirain pa,*
*Pagka't pag Kanyang binawi, tayo'y mawawala na.*

Nagustuhan mo ba at nakuha ang mensahe ng awitin?

Magaling kung gayon! Binigyang-pansin sa awitin ang pagmamahal at pagmamalasakit sa kalikasan at kapaligiran.

Habang binabasa mo ang mga linya sa awitin, nararamdaman mo ba kung anong damdamin ang nangingibabaw sa nagsasalita sa awitin? Matutukoy mo ba kung ano ito?

Tama kang muli! *Kalungkutan* ang damdaming nangingibabaw sa nagsasalita sa awitin.

Ngayon naman ay basahin mo ang kaugnay na teksto hinggil pa rin sa kalikasan.

TAO SA KANYANG KAPALIGIRAN

(1) Mayaman ang ating daigdig lalo na ang Pilipinas. Pinagpala tayo sa pagkakaroon ng mga likas na yaman na kapaki-pakinabang.

(2) Likas na yaman ang tawag sa mga kalikasan na ipinagkaloob ng Maykapal sa kapakinabangan na rin ng mga tao. Ito ay may dalawang anyo – anyong tubig at anyong lupa. Ang mga kagubatan, kabundukan, talampas, burol at mga kapatagan ay nabibilang sa anyong lupa samantalang ang mga ilog, batis, sapa, tangway at mga karagatan ay nabibilang naman sa anyong tubig.

(3) Karamihan sa mga yamang ito'y nakikita natin sa ating kapaligiran. Ang iba'y napakikinabangan ng mga tao, tulad na lamang ng mga karagatan, dito nakukuha ang mga isda at iba't ibang uri ng lamang dagat na napagkukunan ng pagkain ng mga tao. Gayundin ang mga kagubatan at kabundukan na napagkukunan naman ng mga bungangkahoy na nakapagbibigay ng iba't ibang uri ng bunga na makatutugon din sa pang-araw-araw na pangangailangan ng tao sa pagkain.

(4) Ang mga naturang likas na yaman ay mananatili lamang sa kanilang likas na kalagayan at hindi mapapakinabangan hanggat hindi natututuhan ang tamang paggamit ng mga ito. Kung kaya't hindi naglaon ay sinikap ng mga taong linangin ang mga ito upang higit pang maging kapaki-pakinabang. Nagsumikap na magtanim pa ng mas maraming puno upang mas marami ring bunga ang makuha. Natutunan ding alagaan ang mga isda sa karagatan. Ipinagbawal ang paggamit ng lambat na may maliliit na butas upang malalaking isda lamang ang mahuli at maiwan ang maliliit na isda sa karagatan na siya namang palalakihin at hahayaang dumami. Noong una'y maayos at maganda ang naging sistema ng mga tao sa pangangalaga sa kalikasan.

(5) Di naglaon, kumislap ang isipan ng mga tao at nagkaroon ng iba't ibang ideya. Natutuong putulin ang mga naglalakihang puno sa kagubatan sapagkat natutuhang gawing materyales sa paggawa ng bahay at kasangkapan ang katawan ng mga puno. Naging dahilan ito ng pagbaha at pagguho ng mga lupa. Dahilan dito ay ipinagbawal ng pamahalaan ang tinatawag na "illegal logging" o ang mali at di makatarungang pagpuputol ng mga puno sa kagubatan.

(6) Maging ang karagata'y hindi nakalagpas sa paningin ng mga tao. Hindi na sila nakuntento sa paghuli ng isda sa pamamagitan ng lambat. Natutuhan na ang paggamit ng dinamita na nagbunga ng pagkamatay ng maliliit na isda at pagkasira ng mga "coral reefs" na siya nilang tirahan.

(7) Sa kasalukuyan, sirang-sira na ang ating kalikasan, kalbo na ang dating punumpuno ng malalagong punong kagubatan at kabundukan. Ang karagatan nama't ilog ay polusyon ang kalaban. Lahat ng ito'y kagagawan ng tao na umaabuso sa paggamit ng kalikasan o sabihin nating hindi natututuhan ang wasto at tamang paraan at paggamit ng mga ito.

Nagustuhan mo ba ang binasang teksto? Makatotohanan ba ang mga impormasyong inilahad dito?

Tiyak namang Oo ang sagot mo sapagkat ikaw mismo sa iyong sarili ay makapagpapatunay sa katotohanan ng mga impormasyong nabasa.

Alam mo ba ang uri ng tekstong kababasa mo lamang?

Sige magpatuloy ka at matutunghayan mo ang mga paliwanag sa kasunod na bahagi.

**Linangin**

Balikan mo ang awiting *Kapaligiran*…

Katulad ng nabanggit kanina, malungkot o kalungkutan ang damdaming nangingibabaw sa awitin.

Kailan nga ba masasabing malungkot o masaya ang tono ng ating binabasa? At ano nga ba ang tinatawag na Tono ng teksto?

> TONO ang tawag sa damdaming nangingibabaw o naghahari sa teksto. Maaari itong masaya, malungkot, nang-iinis, nagpapayo, nangungutya o nanlilibak.
>
> Kapag ang damdaming naghahari sa teksto ay malungkot, mababa at mabagal ang kilos nito ngunit kung ang nangingibabaw na damdamin ay masaya at galit, mataas at mabilis naman ang kilos ng teksto.

Ngayon, alam mo na kung paano sinusuri ang TONO at KILOS ng tekstong iyong binabasa.

Balikan mo naman ngayon at suriin ang tekstong iyong binasa sa bahaging "Alamin" – TAO SA KANYANG KAPALIGIRAN.

Alam mo ba kung anong uri ito ng teksto?

Ito ay isang uri ng tekstong *Ekspositori – Eksplikeysyon*.

Gusto mo bang malaman kung ano ang tinatawag na tekstong ekspositori – eksplikeysyon?

Ang *Tekstong Ekspositori* ay paraan ng pagsulat na nagbibigay ng depinisyon, nagpapaliwanag at nagpapakahulugan.

Malaking bahagi ng pagsulat na ito ang mababasa sa mga teksbuk, artikulo sa magazin, editoryal ng pahayagan, mga panunuring na isinagawa sa mga aklat, dula, pelikula, programa sa radyo o komposisyong musikal.

Layunin ng tekstong ekspositori na bigyang kaliwanagan ang paksa kung kaya't kinakailangan sa pagsulat nito ang mabuting plano at paghahanda. Kailangan din ang masusing pagpapakahulugan ng mga terminolohiya at sikapin ding gawing maliwanag ang pagpapaliwanag at kawili-wili.

Sa pagsulat ng tekstong ekspositori, maaaring magsimula sa mga bagay na hayag o marami ang nakikilala patungo sa mga di-hayag o walang gaanong nakababatid; maaari ring mula sa payak tungo sa mas mahirap na unawaing bagay. Maaaring gamitin dito ang klasipikasyon, kaayusan sa panahon o agwat, deduksyon o induksyon, analohiya o kontras.

*Eksplikeysyon* naman ang isang leksyon eksposisyon kung ito ay isang masusing pagpapaliwanag kung paanong ang nasa isipan ng tao ay iniuugnay sa mga katawagan o mga tiyak na termino. Ang konsepto ay itinuturing na isang kabuuan na maaari pa ring maunawaan kahit ito ay paghati-hatiin sa maliliit pang bahagi.

Tiyak na maliwanag na sa iyo kung ano ang tinatawag na *tekstong ekspositori - eksplikeysyon* gayundin ang *tono at kilos ng teksto*.

Sagutin mo naman ngayon ang kasunod na gawain kaugnay nito.

Maaari mo nang simulan…

**Gamitin**

A. Panuto: Balikan at basahing muli ang tekstong TAO SA KANYANG KAPALIGIRAN at pagkatapos ay sagutin ang kaugnay na mga katanungan. Letra lamang ang piliin.

1. Ang tono o damdaming nangingibabaw sa talata 5-7 ay:
   a. masaya c. maligalig
   b. malungkot d. marubdob

2. Sa talata 5-7, ang kilos ng teksto ay:
   a. mababa at mabagal c. mababa at mabilis
   b. mataas at mabilis d. mataas at mabagal

3. Ang talata 3 at 4 ay:
   a. nangangaral c. nagpapakahulugan
   b. nagpapaliwanag d. nagbibigay-depinisyon

4-5. Nagbibigay-depinisyon naman ang mga pahayag na matatagpuan sa:
   a. kabuuan ng talata 2
   b. kabuuan ng talata 3
   c. unang pangungusap ng talata 1
   d. huling pangungusap ng talata 5

B. Panuto: Hanapin ang 5 magkakaugnay na kaisipan at pagsama-samahin ang mga ito upang makabuo ng isang tekstong ekspositori – eksplikeysyon.

- Sa kabila ng panawagan ng pamahalaan na tigilan na ang illegal na pagtotroso ay patuloy pa rin itong ginagawa ng ilang mapagsamantalang mamamayan kung kaya't nagiging sanhi ito ng pagbaha at pagguho ng mga lupa.

- Mataba at masustansya sa mineral ang mga lupain sa Pilipinas kung kaya't mabilis ang pagtubo at paglago ng mga pananim dito. Isang dahilan ito kung bakit sinasabing pinagpala ang ating bayan sa mga kalikasan.

- Epekto ito ng tinatawag na La Niña Phenomenon sa ating bansa at iba pang karatig bansa.

- Subalit hindi naglaon, ang mga naglalakihang puno sa kagubatan at kabundukan ay pinagpyestahan ng mga walang pusong negosyante. Wala silang habas sa pagputol ng malalaking puno gayong alam naman nilang labag at ipinagbabawal ng pamahalaan ang maling gawaing ito na kilala sa tawag na "illegal logging".

- Mabuti at nakatulong sa pag-unlad ng pamahalaan ang gawaing nabanggit ngunit ilan lamang ang nakikinabang sa kinikitang ito ng pamahalaan.

- Sa katunayan, iba't ibang mga pananim ang maaaring anihin dito tulad ng palay, gulay, prutas at mga bungang kahoy. Ang mga naturang pananim na natatagpuan sa kabundukan, kapatagan at kagubatan ay talagang maaasahan ng mamamayan.

- Nawa'y matigil na ang maling gawain ng mga illegal loggers upang maiwasan na rin ang sakuna, aksidente at pagkamatay ng mga tao sanhi ng mga di inaasahang pagbaha at pagguho ng mga lupa higit lalo kung tag-ulan.

Ganito ang dapat na maging format ng tekstong ekspositori – eksplikeysyon na iyong mabubuo.

(1)____________________________________________________
__________________________________________________________
__________________________________________________________

(2)____________________________________________________
__________________________________________________________
__________________________________________________________

(3)____________________________________________________
__________________________________________________________
__________________________________________________________

(4)____________________________________________________
__________________________________________________________
__________________________________________________________

(5)____________________________________________________
__________________________________________________________
__________________________________________________________

Kunin mo ang Susi sa Pagwawasto sa iyong guro at iwasto mo ang iyong mga kasagutan.

Kumusta ang iyong iskor? Huwag kang mag-alala kung may kaunting kamalian. Makatutulong sa iyo ang kasunod na bahagi ng modyul na iyong hawak.

Basahin mo ang karagdagang paliwanag sapagkat makatutulong ito sa lubusan mong pag-unawa sa aralin.

Sige, magpatuloy ka…

**Lagumin**

Narito ang ilang mahalagang detalyeng dapat mong tandaan.

- *Eksposisyon* ang teksto kung ito ay naglalahad ng mga impormasyon tungkol sa pag-aanalisa sa mga tiyak na konsepto. Ang ganitong uri ng teksto ay tumutugon sa tanong na PAANO;

- *Ekspositori* ang isang tekstong eksposisyon kung ito ay naglalahad ng mga payak na pagpapaliwanag ng mga konsepto, iniisip at mga pakiwari sa pansariling pananaw;

- *Eksplikeysyon* naman ang isang leksyon eksposisyon kung ito ay isang masusing pagpapaliwanag kung paanong ang nasa isipan ng tao ay iniuugnay sa mga katawagan o mga tiyak na termino. Ang konsepto ay itinuturing na isang kabuuan na maaari pa ring maunawaan kahit ito ay paghati-hatiin sa maliliit pang bahagi;

- Ang kilos at tono ng teksto ay masusuri ng isang mambabasa sa pamamagitan ng pagbibigay-pansin sa damdaming nangingibabaw o naghahari sa teksto;

- Tono ang tawag sa damdaming nangingibabaw o naghahari sa teksto anuman ang uri nito;

- Pababa at mabagal ang kilos ng teksto kung malungkot ang damdaming naghahari rito at pataas at mabilis naman ang kilos kapag masaya ang damdaming nangingibabaw sa teksto.

Marahil ay nakaragdag pa ang katatapos mo lang basahing mga paliwanag sa iyong lubusang pag-unawa sa aralin.

Sagutin mo ngayon ang kaugnay na pagsubok.

**Subukin**

A. Panuto: Basahin at unawain ang teksto at pagkatapos ay sagutin ang mga katanungan. Letra lamang ang isulat sa sagutang papel.

> (1) Mataba at masustansya sa mineral ang mga lupain sa Pilipinas kung kaya't mabilis ang pagtubo at paglago ng mga pananim dito. Isang dahilan ito kung bakit sinasabing pinagpala ang ating bayan sa mga kalikasan.
>
> (2) Sa katunayan, iba't ibang mga pananim ang maaaring anihin dito tulad ng palay, gulay, prutas at mga bungangkahoy. Ang mga naturang pananim na natatagpuan sa kabundukan, kapatagan at kagubatan ay talagang maaasahan ng mamamayan.
>
> (3) Subalit hindi naglaon, ang mga naglalakihang puno sa kagubatan at kabundukan ay pinagpyestahan ng mga walang pusong negosyante. Wala silang habas na pagputol ng malalaking puno gayong alam naman nilang labag at ipinagbabawal ng pamahalaan ang maling gawaing ito na kilala sa tawag na "illegal logging".
>
> (4) Sa kabila ng panawagan ng pamahalaan na tigilan na ang illegal na pagtotroso ay patuloy pa rin itong ginagawa ng ilang mapagsamantalang mamamayan kung kaya't nagiging sanhi ito ng pagbaha at pagguho ng mga lupa.
>
> (5) Nawa'y matigil na ang maling gawain ng mga illegal loggers upang maiwasan na rin ang sakuna, aksidente at pagkamatay ng mga tao sanhi ng mga di inaasahang pagbaha at pagguho ng mga lupa higit lalo kung tag-ulan.

1. Masaya ang damdaming nangingibabaw sa talata __________
   a. 1 at 2 c. 3 at 4
   b. 2 at 3 d. 4 at 5

2. Malungkot ang damdaming nangingibabaw sa talata __________
   a. 1 at 2 c. 3 at 4
   b. 2 at 3 d. 4 at 5

3. Alin sa mga sumusunod na pangungusap ang nagbibigay-depinisyon?
   a. Mataba at masustansya sa mineral ang mga lupain sa Pilipinas.

   b. Iba't ibang pananim ang maaaring anihin tulad ng palay, gulay, prutas at mga bungang kahoy.

c. Tinatawag na illegal logging ang labag sa batas na pagputol ng mga malalaking puno sa kabundukan at kagubatan.

d. Maiiwasan ang mga sakuna at aksidente kung titigilan na ang illegal logging.

4. Ang kilos ng teksto sa talata 1 at 2 ay:
   a. mababa at mabagal     c. mababa at mabilis
   b. mataas at mabilis     d. mataas at mabagal

5. Sa talata 3 at 4, ang kilos ng teksto ay;
   a. mababa at mabagal     c. mababa at mabilis
   b. mataas at mabilis     d. mataas at mabagal

B. Panuto: Buuin ang tekstong ekspositori sa pamamagitan ng pagpupuno ng mga pahayag na matatagpuan sa dakong ibaba. Isulat na muli ang buong talata.

Patuloy ang pagsulong at pag-unlad ng mga bansang nakapaloob sa mundo. (1)____________________________________________________________

______________________________________________________________________

______________________________________________________________________

__________________________________________________.

Ang usok mula sa mga pabrika at pagawaan, sasakyan, sigarilyo, paggamit ng mga *spray net* at iba pang kemikal, na nagbibigay ng lason sa hangin ay ilan lamang sa sanhi kung bakit nasira at nabutas ang ating *ozone layer*.

(2) ____________________________________________________________

______________________________________________________________________

______________________________________________________________________

________________________________.

Greenhouse effect ang tawag kapag ang *ultra violet rays* ng araw ay pumasok o nakapaloob na sa ating *atmosphere* at hindi na makalalabas pa. (3) ___

______________________________________________________________________

______________________________________________________________________

__________________________________________________.

Sa kasalukuyan, nakararanas tayo ng *global warming* – ang matinding init na nararamdaman ng tao sa buong mundo. (4) ______________________________

______________________________________________________________________

______________________________________________________________________

___________________________________________________________________.

Kung naging maingat lang sana ang mga tao at hindi hinayaang marumihan ang hangin sa himpapawid ay hindi sana mabubutas ang *ozone layer*. (5) ________________________________________________________________
________________________________________________________________
________________________________________________________________
______________________________________________.

- Apektado tuloy ang mga trabaho sa pagawaan maging sa loob at labas ng tahanan dahilan sa mabilis na pagkahapo na nararamdaman dulot ng matinding init at alinsangan.
- Dahilan sa pagkasira ng ating ozone layer ay nakapasok sa mundo ang ultra violet rays ng araw na naging sanhi ng pagkakaroon ng greenhouse effect.
- Wala sana tayong pinangangambahang dulot ng greenhouse effect na isang dahilan kung bakit din naaapektuhan ang pagsulong at pag-unlad ng isang bansa.
- At kaugnay ng pagsulong na ito ang di inaasahang pagkasira ng kalikasan partikular ang ating himpapawid na dating may malinis na hangin.
- Ang ultra violet rays ay matinding sikat ng araw na delikado sa balat ng tao sapagkat maaaring makapagdulot ng kanser sa balat.

Kunin mong muli ang Susi sa Pagwawasto sa iyong guro at iwasto ang mga kasagutan.

Kumusta ang iyong iskor?

Kung mahigit sa 7 ang nakuha mong marka ay maaari ka nang magsimula sa kasunod na bahagi ng modyul, ang bahaging "Gaano ka na kahusay?". Ngunit kung mababa sa 7, nangangailangang sagutin mo muna ang kasunod na gawain, ang bahaging "Paunlarin". Huwag kang mag-alala, kaugnay pa rin ito ng katatapos lang na gawain.

Sige, magpatuloy ka…

**Paunlarin**

Panuto: Piliin ang letra ng pinakaangkop na kasagutan matapos basahin at unawain ang talataan.

Patuloy ang pagsulong at pag-unlad ng mga bansang nakapaloob sa mundo, at kaugnay ng pagsulong na ito ang di inaasahang pagkasira ng kalikasan partikular ang ating himpapawid na dating may malinis na hangin.

Ang usok mula sa mga pabrika at pagawaan, sasakyan, sigarilyo, paggamit ng mga *spray net* at iba pang kemikal, na nagbibigay ng lason sa hangin ay ilan lamang sa sanhi kung bakit nasira at nabutas ang ating *ozone layer*.

Dahilan sa pagkasira ng ating *ozone layer* ay nakapasok sa mundo ang *ultra violet rays* ng araw na naging sanhi ng pagkakaroon ng *greenhouse effect*.

*Greenhouse effect* ang tawag kapag ang *ultra violet rays* ng araw ay pumasok o nakapaloob na sa ating *atmosphere* at hindi na makalalabas pa. Ang *ultra violet rays* ay matinding sikat ng araw na delikado sa balat ng tao sapagkat maaaring makapagdulot ng kanser sa balat.

Sa kasalukuyan, nakararanas tayo ng *global warming* – ang matinding init na nararamdaman ng tao sa buong mundo. Apektado tuloy ang trabaho sa mga pagawaan maging sa loob at labas ng tahanan dahilan sa mabilis na pagkahapo na nararamdaman dulot ng matinding init at alinsangan.

Kung naging maingat lang sana ang mga tao at hindi hinayaang marumihan ang hangin sa himpapawid ay hindi sana mabubutas ang *ozone layer*. Wala sana tayong pinangangambahang dulot ng *greenhouse effect* na isang dahilan din kung bakit naaapektuhan ang pagsulong at pag-unlad ng isang bansa.

1. Ang damdaming nangingibabaw sa teksto ay:
   a. masaya     c. mapangutya
   b. malungkot     d. mapanlinlang

2. Ang kilos ng teksto ay:
   a. mababa at mabagal     c. mababa at mabilis
   b. mataas at mabilis     d. mataas at mabagal

3. Aling talata sa teksto ang nangangaral?
   a. 2     b. 3     c. 4     d. 6

4-5. Piliin ang letra ng mga pahayag na nagbibigay ng depinisyon.

a. Patuloy ang pagsulong at pag-unlad ng mga bansang nakapaloob sa mundo

b. Nakapasok sa loob ng mundo ang lutra violet rays ng araw na naging sanhi ng pagkakaroon ng greenhouse effect.

c. Greenhouse effect ang tawag kapag ang ultra violet rays ng araw ay pumasok sa atmosphere at di na makalalabas pa.

d. Global warming ang matinding init na nararamdaman ng mga tao sa buong mundo.

Kunin mong muli ang Susi sa Pagwawasto sa iyong guro at iwasto ang mo ang iyong mga kasagutan.

Sagutin mo ngayon ang kasunod na pagsubok. Ang mga katanungan dito ay may kaugnayan sa mga araling ating tinalakay.

Maaari ka nang magsimula…

## *Gaano ka na kahusay?*

A. Panuto: Hanapin sa dakong ibaba ang letra ng mga pahayag na nagbibigay-kahulugan sa mga pahiwatig na pangungusap.

1. Ang batang lalaki'y hindi na nakapantalong maikli o putot. Siya'y nakalargo na at pantay na ang hati ng kanyang buhok na nangingintab sa pahid ng pomada.

2. At isang araw, Sabado ng umaga, isinama siya ng kanyang ama sa bahay ni Ba Aryo sa tabi ng ilog. Ngumata siya ng dahon ng bayabas, pumikit siya at itinaboy ni Ba Aryo upang maligo sa ilog.

3. At buwan-buwan, ang dalagita ay may kapirasong damit na itinatago sa ilalim ng kanyang katre at kapag tapos na sa paglalaba ang kanyang ina ay palihim niyang lalabhan sa silong at ikukula sa kubling bahagi ng likod-bahay.

4. Ngunit hindi na niya muling narinig ang basag na tinig. Naramdaman na lamang niya ang malulupit na palad ni Bruno. Natulig siya. Nahilo. At pagkaraan ng ilang sandali, hindi na niya naramdaman ang kabangisan ng kapayayapaang biglang kumandong sa kanya.

5. Walang pagkakataong may natitirang pagkain sa plato at hapag-kainan ng pamilya ni Aling Nena sa tuwing siya ang nagluluto ng pagkain para sa pamilya.

| |
|---|
| A. Ipinatuli na siya upang maging isang ganap nang lalaki.<br>B. Di nakayanan ang sobrang pisikal na pananakit na naging dahilan ng pagkamatay.<br>C. Masarap at gusto ng pamilya ang luto ni Aling Nena.<br>D. Pagbabago ng gawi tungo sa pagiging isang binata.<br>E. Nagkaroon na ng tinatawag na buwanang dalaw o pagreregla. |

B. Panuto: Basahin at unawain ang sumusunod na pangungusap at pagkatapos ay hanapin sa loob nito ang kasingkahulugan ng salitang may salungguhit.

1. Kaalinsabay ng pagsulong at pag-unlad ang patuloy na pagsulpot ng iba't ibang <u>sakit</u> dulot na rin ng mga kemikal na nalalanghap at nakakain kung kaya't hindi na rin nababahala ang ilang mamamayan magkaroon man ng karamdaman sanhi ng nakapipinsalang kemikal.

2. Sa ganitong pagkakataon, ang ibang mamamaya'y nagpupunta at nagpapagamot sa mga albularyo sa paniniwalang may taglay silang galing ngunit higit na mas marami pa rin ang <u>nagtutungo</u> sa mga ospital at pagamutan upang magpakonsulta sa mga doktor.

3. Mayroon pa ring mga mamamayang Pilipino ang di <u>naniniwala</u> sa maidudulot ng makabagong teknolohiya. Sarado ang isipan sa mga pagbabagong nagaganap sa mundo samantalang ang karatig bansa'y nananalig sa galing at buti nito.

4. Gustuhin man ng mga Pilipinong makipagsabayan sa paglikha sa iba't ibang imbensyon ay di nila maisakatuparan sapagkat <u>naisin</u> man nila ay kulang naman ang badyet at suporta ng gobyerno.

5. Sa kasalukuyan, totoong <u>moderno</u> na ang pamumuhay ng halos lahat ng pamilya at sa katunayan nga ay makabago nang lahat ang naglalabasang mga kasangkapan.

C. Panuto: Basahin at unawain ang mga katanungan at pagkatapos ay piliin ang letra ng pinakaangkop na kasagutan.

1. Ang tawag sa damdaming nangingibabaw o naghahari sa isang teksto ay:
   a. uri c. himig
   b. tono d. indayog

2. Maaaring pababa at mabagal o mataas at mabilis ang _____ ng teksto.
   a. kilos c. himig
   b. intonasyon d. indayog

3. Ang tekstong ekspositori ay naglalahad ng mga:
   a. iba't ibang uri ng paglalarawan
   b. argumento sa iba't ibang paksa
   c. pagsasalaysay sa ng mga pangyayari
   d. payak na paliwanag ng mga konsepto

4. Binabasa nang __________ ang teksto kung ang damdaming nangingibabaw ay masaya o nagagalit.
   a. mababa at mabagal c. mababa at mabilis
   b. mataas at mabilis d. mataas at mabagal

5. Binabasa naman nang __________ ang teksto kung ang damdaming nangingibabaw ay malungkot.
   a. mababa at mabagal c. mababa at mabilis
   b. mataas at mabilis d. mataas at mabagal

D. Panuto: Isaayos ang mga pangungusap sa wastong pagkakasunud-sunod upang makabuo ng isang mabisang tekstong ekspositori. Buuin at isulat ito nang maayos sa sagutang papel sa anyong patalata.

- Nasisira ang magandang kalikasang kaloob ng Maykapal sa pagkakaroon ng polusyon sa buong kapaligiran.

- Maiiwasana ang anumang uri ng sakit at tiyak ang pagsulong at pag-unlad ng isang bayan kung magiging malinis ang kapaligiran at ligtas sa anumang polusyon.

- Polusyon ang tawag sa pagdumi na ating kapaligiran.

- Nagiging sanhi ito ng iba't ibang uri ng sakit na nakasasagabal sa pag-unlad ng bayang nasasakupan.

- Marami itong uri. Mayroong pulusyon sa hangin, tubig, ingay at basura o dumi.

Kunin mong muli sa iyong guro ang Susi sa Pagwawastoupang itsek ang iyong huling gawain.

Nawa'y muling nagbigay sa iyo ng karagdagang kaalaman ang mga araling ating tinalakay.

Hanggang sa muli…